



Philippine Biblical Worldview Institute

Certificate in Christian Ministries

Introduction to Biblical Christian Worldview ©

Conrad Jun Tolosa
Revised August 23, 2021

300. Christian Worldview

Lahat tayo ay may kanya-kanyang pananaw sa buhay at mundo. Ito ay tinatawag na *Life and World View*, or in short, *Worldview*. Aware man tayo dito o hindi. Pero, lahat tayo ay may worldview. And our worldview defines who we are.

Ang ating worldview ay binubuo ng mga bagay na ating pinaniniwalaan (ang ating belief system) tungkol sa kalikasan ng Diyos at kalikasan ng Tao na nagbubunga ng ating mga pinahahalagahan sa buhay (ang ating value system). Ang ating belief and value system ay siya namang huhubog sa ating ugali na magtutulak sa ating pagkilos at pamumuhay, na mapagmamasdan sa tatlong aspeto ng buhay; sa ating political, social at economic life. Ang ating political, life ay ang ating relasyon sa awtoridad, ang ating social life ay ang ating relasyon sa ating kapwa, at ang ating economic life ay ang ating pangangasiwa ng ating mga taglay na resources.

Pananaw sa buhay at mundo acts as an interpreter. Ito ang nagbibigay kulay at kahulugan sa mga bagay at pangyayaring nagaganap sa ating paligid at nagbibigay hugis sa ating pagkilos.

Halimbawa, ang taong hindi naniniwala sa Diyos ay hindi magsisimba. Ang taong hindi naniniwala sa karapatan ng sanggol sa sinapupunan ay hindi sasalungat sa abortion. Ang lalaki na hindi pantay ang pagtingin sa kababaihan ay hindi maglalaan ng tamang respeto sa kanila.

Ang Biblical Christian Worldview ay ang pananaw na nakabase sa Bibliya at sa turo ni Cristo lamang; walang kahalong turo ng tao o ano mang dogmata ng simbahan. Ang Islamic Worldview ay yaong nakabase sa Quran. Ang Secular Worldview naman ay nakabase sa pangangatuwiran ng tao o sa Reason.

301. Pundasyon

Ang isang pananaw ay matataguriang tama kung ito ay comprehensive, consistent, coherent at cogent. Ito ay comprehensive dahil it addresses all aspects of life. Ito ay consistent sapagkat hindi nito kino-contradict ang kanyang sarili. Ito ay coherent sapagkat ang lahat ng bahagi nito ay may kaugnayan sa kabuoan. At, ito ay cogent sapagkat ito ay kapanipaniwala; ito ay understandable at reasonable. At higit sa lahat, ang tamang pananaw ay yaong naka-base sa triad ng kung ano ang totoo, mabuti at tama.

Ang tanong ay ito: Saan ba nakatayo ang iyong pananaw?

Noon, maraming mga squatters ang namamalagi sa tabi ng tulay sa may amin. Minsan, dumating ang isang napakalakas na bagyo. Marami sa mga barong-barong na itinayo doon ay gumuho at nadala ng baha. Maraming mga batang namatay. “Bakit tumitira ang mga tao doon sa bahay na walang pundasyon at sa may tabing ilog pa?” “At bakit sila pina-payagan ng gobyerno?”

Matapos ang isang mahabang pangangaral ni Cristo, sinabi Niya ang ganito, *Ang sinumang makarinig ng Aking mga pangaral at magsapamuhay nito ay tulad sa isang marunong na tao. Itinayo niya ang kanyang bahay sa bato. Bumuhos ang ulan, umapaw ang ilog, at humampas ang malakas na hangin; subalit hindi ito nagiba sapagkat ang pundasyon nito ay nasa bato. Subalit ang sinumang nakarinig ngunit hindi nagbigay kabuluhan sa Aking mga pangaral ay tulad sa isang hangal na nagtayo ng bahay sa buhanginan. Bumuhos ang ulan, umapaw ang ilog, at humampas ang malakas na hangin, at ito ay nawasak at nagiba (Matthew 7:24-27).*

Kung ang ating pananaw ay hindi nakatayo sa katotohanan, siguradong babagsak ang ating moralidad kapag nagkaproblema tayo, lalong-lalo na sa pera - tulad ng mga gumuhong bahay sa tabing ilog na walang pundasyon nang bumagyo. Habang dumarami ang mga pulubi, mga magnanakaw, mga prostitutes, mga drug addicts, madalas na ang sinisisi ng madla ay ang gobyerno.

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

302. Ang Totoo

Ang paniniwala ay ang pagtitiwala sa katotohanan ng isang bagay, may katibayan man ito o wala. Ang isang paniniwala na batay sa katotohanan ay makapagdudulot ng benepisyo samantalang ang isang paniniwala na batay lamang sa haka-haka ay maaaring mauwi sa kapahamakan. Halimbawa, ang taong naniniwala sa suwerte ay madalas tumataya sa lotto, sa sabong o sa jueteng maski magkaubos-ubos man ang kanyang pera. At kapag mayroong mabuting bagay na nangyayari sa kanyang buhay, sasabihin niya na siya ay *sinusuwerte*.

Ang tanong ay ito: Paano mo malalaman kung ano ang totoo?

Sa Genesis 2, nasasalaysay ang ginawang pagsuway nina Eba't Adan sa kaisa-isang utos ng Diyos. Sinabi ng Diyos kay Adan na puwede siyang kumain ng bunga ng kahit anumang puno sa Hardin ng Eden maliban sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama. Binalaan siya ng Diyos na kung siya ay kakain ng bunga nito, siya ay tiyak na mamamatay. Ang sinabing ito ng Diyos ay pinabulaanan ng ahas sa hardin. Sinabi ng ahas kay Eba na hindi siya mamamatay maski kumain siya ng prutas na iyon. Bagkus, siya ay magiging katulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. Pumitas ng bunga si Eba at kumain. Binigyan niya ang kanyang asawa na kumain din.

Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos. Ang kasinungalingan naman ay ang kontra sa Kanyang salita tulad nang pagsasalungat na ginawa ng diablo. Agad-agad dumanas ng espirituwal na kamatayan sina Adan at Eba. Humiwalay ang Espiritu ng Diyos sa kaluluwa ng tao. Sila ay nabuhay pa nang matagal sa kanilang katawang lupa. Dumating din ang takdang panahon na ang kanilang kaluluwa ay humiwalay sa kanilang katawang lupa.

Minsan napag-usapan sa aming klase ang tungkol sa pagbabayad ng buwis. Noong mga panahong iyon, ang tawag sa BIR ay *Bigay Ikaw Regalo*. Balita ang pagiging corrupt ng maraming tax examiners. Balita rin na ang mga yumayaman sa lagay ay malaking magbigay sa simbahan. Naniniwala kasi sila na nababayaran ang kanilang mga kasalanan kapag sila ay nagbibigay sa simbahan o namumudmod sa mga mahihirap. Ang pagyaman sa ganitong ilegal na paraan ay naging bahagi na ng kulturang Pinoy. Tinatawag natin ngayon ang

nakapag-amas ng ill-gotten wealth na “ma-abilidad.” At ang ating maling katuwiran ay, “Eh, bakit pa tayo nasa puwesto?”

Sa Exodus 23:8, pinag-utos ng Diyos sa Kanyang bayan ang ganito: “Huwag kayong tatanggap ng lagay, sapagkat ang lagay ay nambubulag at nagbabaliko ng salita ng katarungan.” Sinasabi naman sa Proverbs 17:23 na, “Ang isang masamang tao ay tumatanggap ng lagay sa ilalim ng mesa upang patirin ang takbo ng katarungan.”

Sa John 17:17, sinabi ni Cristo na ang salita ng Kanyang Ama ay katotohanan. Sa John 14:6, sinabi ni Cristo na Siya ang katotohanan. Sa John 16:13, sinabi ni Cristo na ang Banal na Espiritu ang espiritu ng katotohanan. Ang diablo ang ama ng kasinungalingan. John 8:44

303. Ang Mabuti

Ang ating mga pinaniniwalaan ang magdidikta kung ano ang ating mga pahahalagahan. Ang mga bagay na ating pahahalagahan ay ang mga iniisip nating mabuti at tama. Kung naniniwala ka na ang kayamanan ang tanging makapagdudulot ng kaligayahan, pipilitin mo kayang kumita ng maraming pera kahit na sa masamang paraan.

Ang tanong ay ito: Ano nga ba ang mabuti?

Sa simula sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon nga ng liwanag. Nakita ng Diyos na mabuti ang liwanag! Pagkatapos, ginawa ng Diyos ang kalangitan, karagatan at mga lupain. Sa lupa ay naglagay ang Diyos ng damo, mga bulaklak at mga puno. Nilikha Niya ang araw, buwan at mga bituin upang mabukod ang araw sa gabi. Pinuno Niya ang karagatan ng lahat ng klaseng isda at ang kalawakan ng lahat ng uri ng ibon. Nilikha rin ng Diyos ang lahat ng uri ng hayop at kung ano-anong mga gumagapang sa lupa. At, nilikha Niya ang tao. Sa ginawa Niyang paglikha, pitong beses Niyang binanggit ang salitang “mabuti.” Ang Kanyang mga nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.

Samakatuwid, ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang masama ay ang nag-uudyok ng Kanyang galit at parusa. Naunawaan nina Eba’t Adan kung ano ang mabuti’t masama nang sila ay sumuway sa kautusan ng Diyos. Ang kanilang ginawa ay hindi naging kasiya-siya sa Diyos kundi ito ay nag-udyok ng Kanyang galit at parusa.

Ang tanong ngayon ay, *Paano tayo makapagbibigay kasiyahan sa Diyos?*

Para makaupo sa bus, lumalakad ako mula sa Mendiola hanggang Quiapo. Sa aking paglalakad marami akong napapansing nagpapalimos. Minsan, kasama ko ang isang kaeskuwela. Nagbigay siya sa isang pulubi ng diyos sentimos. Malaki na yun ng mga panahong iyon. Makakabili ka na ng Coke. Tanong ko sa kanya, “Bakit ka nagbigay?” Ang sagot niya, “Para makapasok ako sa langit. Mas marami kang nagawang mabuti dito sa mundo, mas malaki ang iyong chansang makapasok,” ang hirit pa niya.

Sa Genesis 4, matutunghayan natin ang kuwento ng magkapatid na Cain at Abel. Minsan, pareho silang nagbigay ng handog sa Diyos. Si Cain ay magsasaka, si Abel naman ay isang pastol. Nasiyahan at tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel mula sa matataba niyang tupa. Subalit tinanggihan ng Diyos ang handog ni Cain mula sa kanyang ani. Sa Hebrews 11:4, malalaman natin ang kaibahan ng dalawang handog. Ang handog ni Abel ay nagmula sa pusong may pananalig sa Diyos. Si Cain ay walang tiwala sa salita ng Panginoon. Ang Diyos ay nakatingin sa puso ng naghahandog.

Ang paggawa ng para sa sariling kapakinabangan ay hindi mabuti sa mata ng Diyos.

At kung walang pananampalataya hindi ka kalulugdan ng Diyos. Hebrews 11:6a Ang paggawa ng ano man na labag sa sariling paniniwala ay kasalanan. Romans 14:23b

Sumunod si Abraham nang tawagin siya ng Diyos upang magtungo sa lugar kung saan matatanggap niya ang kanyang mana. Nilisan niya ang kanilang bayan kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. Hebrews 11:8

Maraming tao ang nag-aasikaso ng kanilang permits at documents sa gobyerno. Narito ang challenge. Para sa isang ordinaryong mamamayan, kung nais mong mapadali ang facilitation ng iyong mga documento, magbibigay ka lang ng padulas o lagay sa taong kausap mo sa opisina ng gobyerno upang lumakad ang iyong papeles. Sa kalagayan naman ng empleyado sa gobyerno, mas malaking hamon ang kanyang hinaharap. Tatanggapin ba niya ang padulas o lagay na isinusuhol sa kanya ng isang tao na nangagailangan ng documento mula sa kanyang opisina?

Ano ang pipiliin mo, ang Diyos o Pera? Ang paggawa ng para sa sariling kapakinabangan ay hindi mabuti sa mata ng Diyos.

Ang mabuti ay yaong nagbibigay kasiyahan sa Diyos.

304. Ang Tama

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

Nang lubhang nanlugmok si Cain dahil hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang handog, tinanong siya ng Diyos ng ganito, "Bakit ka galit? At bakit lugmok ang iyong mukha? Kung gagawin mo ang tama hindi ka ba tatanggapin? Subalit kung hindi mo gagawin ang tama, ang kasalanan ay nakatanghod sa pintuan ng iyong puso; ang nais nito ay ikaw, subalit dapat mo itong mapagharian."

Ang tanong ay ito: Ano nga ba ang tama?

Hindi binigyang pansin ni Cain ang payo ng Diyos; bagkos ay hinayaan niyang maghari ang galit sa kanyang puso hanggang sa napatay niya ang kanyang kapatid. Makikita natin dito ang pagkawalang tiwala ni Cain sa salita ng Diyos.

Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Sinasabi sa Hebrews 11 na si Abel ay may pusong nagtiwala sa Diyos, at ito ang kalooban ng Diyos para sa mga lumalapit sa Kanya. Ang mali ay ang pagsuway sa Kanyang kalooban. Mali ang ginawa nina Eba't Adan nang suwayin nila ang utos ng Diyos. Mali din ang ginawa ni Cain sapagkat hindi niya pinakinggan ang payo ng Diyos; kaya nga nagawa niyang paslangin ang kanyang kapatid.

Ang kaalaman sa kalooban ng Diyos ay napakahalaga. Paano tayo makagagawa ng tama kung hindi natin alam ang dapat paniwalaan. At paano tayo makapaniniwala ng tama kung wala tayong alam tungkol sa pangaral ni Cristo. Si Abel ay naniwala sa hinayag ng Diyos hinggil sa paghahandog at siya ay sumunod. Ngunit si Cain ay naghandog ayon sa kanyang sariling paniniwala at ito'y hindi naging katanggap-tanggap

sa Panginoon. Pinayuhan ng Diyos si Cain subalit hindi siya nakinig. Walang pagpapahalaga si Cain sa salita ng Diyos.

Alam natin na ilang barumbadong tsuper lang ang kailangan upang mabara ang isang intersection. Kahit alam na ng mga motorista na kapag hindi nagbigayan, lahat ng bumabiyaha ay maaabala. Bakit hindi makuha ng mga tsuper dito sa Pilipinas na magbigayan sa isa't isa. Bakit unahan nang unahan? Bakit bale wala sa mga Pinoy ang makaistorbo ng ibang tao? Bahagi na ba talaga ng ating kultura ang kasabihang, "Di bale na tayong maperhuwisyong lahat, huwag mo lamang akong malamangan!"

Sinabi ni Pablo sa Philippians 2:4 na hindi lamang ang sarili nating interes ang ating dapat bigyang halaga kundi ang interes ng iba. Itinuturo niya na ang kalooban ng Diyos para sa atin ay ang magbigayan. Ito ang tamang gawin. Subalit, sa ating mga lansangan at highways ay mapagmamasdan ang kamaliang taglay ng ugaling Pilipino.

305. Rebelasyon

Mababasa natin mula sa Genesis 6 ang kuwento tungkol kay Noah at ng dilubyo (ang paggunaw ng mundo sa pamamagitan ng baha). Sinasabi ng Bibliya na noong panahon na iyon, sukduhan ang karimlan sa mundo. Ang patuloy na pinag-iisip ng sanlibutan ay pawang kasamaan lamang.

Subalit si Noah ay isang matuwid na tao. Ipinahayag ng Diyos ang gagawin Niyang paggunaw ng mundo at sinabi Niya kay Noah kung paano siya at ang kanyang sambahayan makaliligtas. Ang matuwid na tao ay yaong may pagtitiwala sa salita ng Diyos na nauwi sa pagsunod sa Kanyang kalooban.

Ang tanong ay ito: Paano natin malalaman ang katotohanan?

Si Noah ay taong gumagawa ng tama sapagkat mayroon siyang tiwala sa katotohanan ng salita ng Diyos. Siya at ang kanyang asawa, tatlong anak at kanilang asawa lamang ang naligtas sa kamatayan nang dumating ang bahang bumalot sa buong mundo.

Tulad ni Noah, malalaman din natin ang kalooban ng Diyos sapagkat ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa atin. Ang pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa kalooban, katangian, at kautusan ng Diyos ay isinasagawa Niya sa pamamagitan ng dalawang paraan. Una, sa pamamagitan ng sangnilikha. Marami tayong matutuhan tungkol sa Diyos sa pag-aaral ng kalikasan, ng sangkap nito at mga batas na dito ay nagpapagalaw. Subalit hindi lamang sa kalikasan ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili.

Sa katauhan ng mga propeta sa Lumang Tipan, itinuro ng Diyos sa mga Israelita ang paraan upang makapamuhay ng tama o matuwid. Ang mga apostol at propeta sa Bagong Tipan naman ay nagsalita sa Iglesia ukol sa katuparan ng mga hulang taglay ng Kasulatan na tumutukoy sa pagdating ng Mesiyas. Sa loob ng mga 30 taon, si Jesus ay namuhay sa lupa at nangaral tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian. At ang mga pahayag na ito na ginawa ng mga propeta, ng mga apostol, at ng Panginoong Jesus ay isinulat ng mga 40ng tao sa loob ng mga 1,500 years, sa ilalim ng masusing pamamahala ng Banal na Espiritu.

Marami sa ating kaugalian ang salungat sa mga pahayag ng Diyos; tulad ng pagtatawas, panghuhula o pangkukulam. Sa iba't ibang probinsya, ginagawa pa rin ang pag-aalay ng patay na hayop sa "diyos" para sa pagpapatibay ng isang gusali o tulay na kanilang ginagawa. Mapa Pinoy, Tisoy, o Chinoy man, may kanya-

kanya tayong mga pinaniniwalaang mabuti at tama ngunit labag naman sa batas ng Diyos. Ito ay nagpapatunay na ang ating pagtitiwala ay wala sa salita ni Cristo.

Ang tunay na katotohanan ay hindi nagmumula sa mga pangangatuwiran, pakiramdam, kaugalian, karanasan o sa haka-haka ng tao kundi sa Diyos lamang.

Malalaman natin ang katotohanan sapagkat ihinahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tao.

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay.

I. Multiple Choice

1. Ano ang kahihinatnan o magiging bunga ng pananaw na nakabase sa katotohanan?
 - a. Babagsak ang moralidad dahil nagbabago ang standard ng tama o mali.
 - b. Mabilis na magbabago ang isip sapagkat hindi alam kung ano talaga ang paniniwalaan.
 - c. Magbubunga ng mabuting moralidad at makakapamuhay ng tama.
2. Ang tamang pananaw ay naka-base sa triad ng
 - a. Mabuti, masama at pangit
 - b. Totoo, mabuti at tama
 - c. All of the above
3. Saan mo dapat itayo ang iyong pananaw?
 - a. Sa salita ng Diyos
 - b. Sa iyong instinct
 - c. Sa iyong pangangatuwiran
4. Ano ang totoo?
 - a. Ang tinuturo ng simbahan
 - b. Ang sinabi/sinasabi ng mga sikat na tao
 - c. Ang sang-ayon sa salita ng Diyos
5. Paano mo malalaman ang totoo?
 - a. Magbasa ng mga aklat ng iba't-ibang philisophers.
 - b. Magbasa ng Biblia.
 - c. Pakinggan ang karanasan ng mga kaibigan at ibang social media influencers.
6. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
 - a. Ang paniniwala ay pagtitiwala sa katotohanan ng isang bagay, may katibayan man ito o wala.
 - b. Ang paniniwala na batay sa haka-haka ay maaring makapagdulot ng benepisyo sa tao.
 - c. Ang tao na naniniwala sa suwerte ay madalas na tumataya sa lotto o jueteng.
7. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?

- a. Sinabi ng Diyos kay Adam na huwag kakain ng bunga mula sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama.
 - b. Sinabi ng Diyos na hindi mabuti na ang tao ay nag-iisa; bibigyan ko siya ng angkop na makakasama at makakatulong.
 - c. Sinabi ng Diyos kay Adam na huwag kakain ng bunga mula sa puno na nagbibigay buhay na nasa gitna ng hardin.
8. Ano ang mabuti?
- a. Ang motivation mo sa iyong paggawa/pagkilos ay bigyang kasiyahan ang sarili.
 - b. Ang motivation mo sa iyong paggawa/pagkilos ay bigyang kasiyahan ang Diyos.
 - c. Ang motivation mo sa iyong paggawa/pagkilos ay bigyang kasiyahan ang ibang tao.
9. Ano ang tinitignan ng Diyos sa iyo sa tuwing ikaw ay naghahandog?
- a. ang bagay na hinahandog
 - b. ang dami ng hinahandog
 - c. ang puso ng naghahandog
10. Alin sa mga pangungusap ang tama?
- a. Ang Diyos ay nalulugod sa lahat ng tao.
 - b. Ang taong may pananampalataya sa Diyos ay kalulugdan Niya.
 - c. Ang paggawa ng isang bagay na labag sa ating paniniwala ay nagbibigay kaluguran sa Diyos.
11. Ano ang tama?
- a. Ang pagsasabuhay ng mga turo mula sa salita ng Diyos.
 - b. Ang pagsasabuhay ng mga bagay na katanggap-tanggap sa madla.
 - c. Ang pagsasabuhay ng paniniwalang kung saan ka masaya gawin mo basta wala kang taong inaargabyado.
12. Sino ang iyong dapat na maging basihan ng tama at mali?
- a. sarili
 - b. mga kaibigan
 - c. Diyos (gamit ang Kanyang salita)
13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos?
- a. Pagbibigay tulong sa kapwa sapagkat ito ang natutuhan sa salita ng Diyos.
 - b. Pagsasaayos ng position ng mga kasangkapan sa bahay upang suwertehin.
 - c. Pagkatay ng hayop sa tuwing nagpapatyo ng isang gusali o infrastructure.
14. Paano mo malalaman ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay?
- a. Manuod/makinig ng mga inspirational messages.
 - b. Magbasa at pag-aralan ang salita ng Diyos.
 - c. Manalangin na bigyan ka ng “sign” ng Diyos sa bawat desisyon na gagawin.
15. Ang pagbabasa ng horoscope o panghuhula ay makapagpapahayag sa atin ng kalooban ng Diyos.
- a. True
 - b. False

II. Essay: (At least 250 words)

1. Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *I-submit ang iyong homework sa iyong pastor.*



© Revised August 23, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.